# Mga Empleyado — Dapat Mong Malaman ang Iyong mga Karapatan at Responsibilidad sa Ilalim ng E-Verify

Ang pederal na batas ay nag-aatas na beripikahin ng lahat ng tagapag-empleyo ang pagkakakilanlan at karapatang magtrabaho ng lahat ng bagong empleyado (kabilang ang mga mamamayan ng Estados Unidos) sa loob ng tatlong araw pagkatapos kunin bilang empleyado. Ang mga tagapag-empleyo ay inaatasan na kumpletuhin ang isang Form I-9, at ang mga empleyado ay dapat magkaloob sa mga tagapag-empleyo ng dokumentasyon na nagtatatag ng pareho ng pagkakakilanlan at karatapatang magtrabaho sa Estados Unidos.

Ang Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan (Department of Homeland Security [DHS]) at ang Pangasiwaan ng Seguridad Sosyal (Social Security Administration [SSA]) ay nagtatag ng isang elektronikong sistema na tinatawag na E-Verify. Sa maikli, sa pamamagitan ng E-Verify, ang mga tagapag-empleyo ay nagpapadala ng impormasyon tungkol sa iyo sa SSA at DHS (para lamang sa mga hindi mamamayan) upang matiyak na ikaw ay awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos at ang iyong pangalan, numero ng Seguridad Sosyal, at petsa ng kapanganakan ay tumutugma sa mga rekord ng pamahalaan. Kung ang iyong tagapag-empleyo ay gumagamit ng E-Verify, ikaw bilang isang empleyado ay may mga partikular na karapatan at responsibilidad.

**Ang Iyong mga Karapatan at mga Responsibilidad Kapag Tiningnan ng Iyong Tagapag-empleyo ang Iyong Impormasyon sa E-Verify**

Pagkatapos kang kunin at sa loob ng tatlong araw pagkatapos simulan ang iyong bagong trabaho at pagkumpleto ang Seksiyon 1 ng Form I-9, dapat mong ipakita sa iyong tagapag-empleyo ang iyong balidong dokumentasyon (gaya ng nakalista sa Form I-9) na nagtatatag ng iyong pagkakakilanlan at karapatang magtrabaho. Karapatan mong piliin kung anong mga dokumento ang ilalabas sa kabila ng katotohanan na ang iyong tagapag-empleyo ay lumalahok sa E-Verify, na may isang eksepsiyon. Kung nagharap ka ng isang dokumento ng Listahan B sa isang tagapag-empleyo na lumalahok sa E-Verify, ang dokumentong ito ay dapat na may kasamang litrato.

Ang iyong tagapag-empleyo ay dapat magbigay ng paunawa sa mga empleyado na ito ay lumalahok sa E-Verify.

Maaari lamang tingnan ng iyong tagapag-empleyo ang E-Verity pagkatapos kang alukan ng trabaho at tinanggap mo ang trabaho, at nakumpleto mo ang Form I-9. Ang iyong tagapag-empleyo ay hindi maaaring gumamit ng E-Verify sa mga aplikante (iyon ay nauunang pagsusuri sa iyo sa pamamagitan ng E-Verify bago ka kunin), at ang iyong tagapag-empleyo ay hindi maaaring gumamit ng E-Verify nang may pamimili upang beripikahin ang ilang empleyado at hindi ang iba.

Maaari lamang tingnan ng iyong tagapag-empleyo ang iyong karapatang magtrabaho sa E-Verify kung ikaw ay kinuha para sa isang bagong trabaho at hindi kung ikaw ay kasalukuyang nagtatrabaho para sa kanya.

Ang iyong tagapag-empleyo ay dapat gumamit ng E-Verity para sa lahat ng bagong empleyado sa mga kalahok na lugar ng pagkuha ng empleyado, anuman ang bansang pinagmulan o katayuan bilang mamamayan.

Hindi maaaring gamitin ng iyong tagapag-empleyo ang E-Verify upang magtangi laban sa iyo batay sa iyong bansang pinagmulan o katayuan bilang mamamayan o para sa ibang mga dahilang labag sa batas, kabilang ang pagganti dahil sa pagsampa ng mga reklamo sa EEO, pagiging miyembro ng isang unyon, atbp.

**Ang Iyong mga Karapatan at mga Responsibilidad Kapag ang Iyong Impormasyon ay Hindi Tumutugma sa Datos ng SSA o DHS sa E-Verify**

Kung pinadaan ng iyong tagapag-empleyo ang iyong impormasyon sa E-Verify at tumanggap ito ng hindi pagkakatugma, na tinatawag na pansamantalang hindi pagkumpirma, ang iyong tagapag-empleyo ay dapat magbigay kaagad sa iyo ng nakasulat na paunawa at tanungin ka kung gusto mong salungatin ang pansamantalang hindi pagkumpirma. Kung pinili mong salungatin ang pansamantalang hindi pagkumpirma, dapat mong ipabatid iyon sa paunawa ng pansamantalang hindi pagkumpirma at ibalik ang paunawang iyon sa iyong tagapag-empleyo. Ikaw at ang iyong tagapag-empleyo ay dapat parehong pumirma sa paunawa ng pansamantalang hindi pagkumpirma. Pagkatapos mong ibalik ang paunawa sa iyong tagapag-empleyo, ang iyong tagapag-empleyo ay dapat namang magbigay sa iyo ng liham ng pagrekomenda na nagkakaloob sa iyo ng mga detalye kung paano makikipag-ugnayan sa SSA o DHS upang lutasin ang iyong kaso. Ikaw at ang iyong tagapag-empleyo ay dapat parehong pumirma sa liham ng pagrekomenda.

Sa sandaling matanggap mo ang liham ng pagrekomenda, dapat kang makipag-ugnayan sa pederal na ahensiya sa loob ng walong araw ng trabaho ng pederal na pamahalaan upang simulang lutasin ang iyong kaso. Kung ang iyong pansamantalang hindi pagkumpirma ay may kaugnayan sa SSA, mahalagang ipagbigay-alam mo sa SSA na sinasalungat mo ang isang pansamantalang hindi pagkumpirma na inisyu ng E-Verify. Dagdag dito, dapat mong tangkain na lutasin ang isyu sa SSA sa lalong madaling panahon dahil ang paglutas ng pansamantalang hindi pagkumpirma ay maaaring magtagal. Kung posible, dapat ka ring magdala ng dokumentasyon sa SSA na nagpapatunay ng iyong pangalan (at, kung angkop, ibang mga legal na pangalan na ginamit mo), numero ng Seguridad Sosyal, katayuan sa pagiging mamamayan, at petsa ng naturalisasyon (kung angkop). Kung nakipag-ugnayan ka sa DHS upang salungatin ang isang pansamantalang hindi pagkumpirma, ito ay tutulong sa iyong kaso kung makakapagbigay ka ng impormasyon tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon, kabilang ang mga petsa na iyong katayuan ay maaaring nagbago. Sa sandaling malutas mo ang iyong kaso, dapat mong sabihin sa iyong tagapag-empleyo ang tungkol sa anumang mga pagbabago na ginawa sa iyong mga rekord ng SSA (kung mayroon), at ang iyong tagapag-empleyo ay dapat namang magtangkang beripikahin muli ang karapatang magtrabaho sa pamamagitan ng E-Verify.

Tungkol sa iyong mga pagsisikap na lutasin ang pansamantalang hindi pagkumpirma ng SSA, hindi maaaring hingin sa iyo ng iyong tagapag-empleyo na kumuha ng nakalimbag na kopya mula sa tipunan ng datos ng SSA o ibang nakasulat na beripikasyon ng iyong numero ng Seguridad Sosyal mula sa SSA.

**Ang Iyong Karapatang Magtrabaho Kung Nasa Oras na Sinalungat Mo ang Pansamantalang Hindi Pagkumpirma**

Ang iyong tagapag-empleyo ay hindi maaaring gumawa ng anumang aksiyon laban sa iyo batay sa pansamantalang hindi pagkumpirma dahil ikaw ay nagtatrabaho upang lutasin ang pansamantalang hindi pagkumirma sa angkop na pederal na ahensiya. Halimbawa, ang iyong tagapag-empleyo ay hindi maaaring magtanggal sa iyo, magsuspinde sa iyo, antalahin

ang iyong unang araw sa trabaho, pigilin ang iyong bayad o pagsasanay, o limitahan ang iyong pagtatrabaho.

Maaari ka lamang tanggalin ng iyong tagapag-empleyo batay sa E-Verify kung ang iyong tagapag-empleyo ay tumanggap ng isang pangwakas na resulta ng hindi pagkumpirma mula sa E-Verify o kung hindi mo sasalungatin ang isang pansamantalang hindi pagkumpirma.

**Ang Iyong Karapatan sa mga Legal na Remedyo Kung ang Iyong Tagapag-empleyo ay Nagtangi Laban sa Iyo**

Ang pederal na batas ay nagbabawal sa mga tagapag-empleyo na magtangi laban sa mga aplikante at empleyado batay sa kanilang bansang pinagmulan at katayuan sa pagiging mamamayan (o imigrasyon) kapag nagbeberipika ng karapatang magtrabaho sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Form I-9 at ng paggamit ng E-Verify.  Halimbawa, ang mga tagapag-empleyo batay sa bansang pinagmulan o katayuan sa pagiging mamamayan ay hindi maaaring: magtanggal o magsuspinde sa iyo batay sa isang pansamantalang hindi pagkumpirma na inisyu ng E-Verify; tumangging kumuha ng awtorisadong-magtrabaho na mga hindi mamamayan (maliban kung iniaatas ng batas o kontrata ng pamahalaan); tratuhin ang mga aplikante ng naiiba sa Form I-9 o proseso ng E-Verify; o limitahan ang pagpili ng dokumentasyon na iniharap mo upang itatag ang karapatang magtrabaho kapag nagkukumpleto ng Form I-9 (iba sa iniaatas na ang isang Listahan B na dokumento ng pagkakakilanlan ay nagtataglay ng litrato).  Kung nadarama mo na nagtangi laban sa iyo ang iyong tagapag-empleyo, mangyaring tawagan ang Kagawaran ng Hustisya, Dibisyon sa mga Karapatang Sibil, Opisina ng Espesyal na Abugado para sa mga Hindi Makatarungang Gawain na May Kaugnayan sa Imigrasyon (Department of Justice, Civil Rights Division, Office of Special Counsel for Immigration-Related Unfair Employment Practices).

**Makakakuha Ka ng Tulong Kung ang Iyong Tagapa-empleyo ay Maling Gumagamit ng E-Verify**

Ang mga tagapag-empleyo ay inaatasang sumunod sa mga partikular na pamamaraan kapag gumagamit ng E-Verify na idinisenyo upang protektahan ang mga manggagawa laban sa hindi makatarungang mga aksyon ukol sa pagtatrabaho. Halimbawa, dapat pasabihan ng mga tagapag-empleyo ang mga manggagawa na ginagamit nila ang E-Verify, hindi maaaring gamitin ang E-Verify sa mga aplikante o mga kasalukuyang empleyado, hindi maaaring magtanggal ng mga manggagawa o gumawa ng ibang salungat na aksiyon batay sa isang pansamantalang hindi pagkumpirma, dapat pangalagaan ang personal na impormasyon ng mga manggagawa, at hindi maaaring hingin sa mga manggagawa na kumuha ng nakalimbag na kopya mula sa tipunan ng datos ng Numero ng Seguridad Sosyal o ibang nakasulat na beripikasyon ng kanilang Numero ng Seguridad Sosyal mula sa SSA.  Ang mga tagapag-empleyo na hindi sumunod sa mga tuntunin ay maaaring hadlangan na gamitin ang E-Verify at maaaring lumabag sa batas sa proseso.

# Alamin ang Iyong mga Karapatan – Listahang Mabilis na Magagamit

- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbigay ng paunawa na nagbibigay-alam sa mga empleyado ng kanilang paggamit ng E-Verify.

- Ang E-Verify ay dapat lamang gamitin para sa mga bagong kuha lamang. Ito ay hindi maaaring gamitin upang beripikahin ang karapatang magtrabaho ng mga kasalukuyang empleyado.

- Ang E-Verify ay dapat gamitin sa lahat ng bagong kuha anuman ang bansang pinagmulan o katayuan sa pagiging mamamayan. Ito ay hindi maaaring gamitin nang may pamimili.

- Ang E-Verify ay dapat lamang gamitin pagkatapos ng pagkuha bilang empleyado at pagkatapos makumpleto ang Form I-9. Ang mga tagapag-empleyo ay hindi maaaring gumawa ng hauunang pagsusuri ng mga aplikante sa pamamagitan ng E-Verify.

- Kung ang isang empleyado ay tumanggap ng isang pansamantalang hindi pagkumpirma, ang tagapag-empleyo ay dapat magkaloob kaagad sa empleyado ng impormasyon tungkol sa kung paano sasalungatin ang pansamantalang hindi pagkumpirma, kabilang ang isang nakasulat na paunawa na nilikha ng E-Verify.

- Kung ang isang empleyado ay nagpasiyang salungatin ang isang pansamantalang hindi pagkumpirma, ang tagapag-empleyo ay dapat magkaloob sa tao ng isang liham ng pagrekomenda na inisyu ng E-Verify na nagtataglay ng mga partikular na tagubilin at impormasyon tungkol sa matatawagan.

- Ang mga tagapag-empleyo ay hindi maaaring gumawa ng anumang aksiyon laban sa isang empleyado dahil sa sinalungat niya ang pansamantalang hindi pagkumpirma. Kabilang dito ang pagtanggal, pagsupinde, pagpigil sa bayad o pagsasanay, o paglimita sa kanyang pagtatrabaho.

- Ang empleyado ay dapat bigyan ng walong araw ng trabaho ng pederal na pamahalaan upang makipag-pugnayan sa angkop na pederal na ahensiya upang salungatin ang pansamantalang hindi pagkumpirma.

- Ang mga tagapag-empleyo ay hindi maaaring gumawa ng aksiyon laban sa sinumang empleyado batay sa pansamantalang hindi pagkumpirma para sa panahon ng pansamantalang hindi pagkumpirma (kahit na ito ay nagpapalawig ng higit sa sampung araw ng trabaho ng pederal na pamahalaan) sa kondisyon na nakipag-ugnayan ang empleyado sa angkop na pederal na ahensiya sa loob ng walong araw ng trabaho ng pamahalaan.

- Maaari ka lamang tanggalin ng iyong tagapag-empleyo batay sa E-Verify pagkatapos matanggap ang pangwakas na hindi pagkumpirma o pagkatapos ng paunawa na ang isang empleyado ay pumiling huwag salungatin ang isang pansamantalang hindi pagkumpirma.

- Hindi maaaring gamitin ang E-Verify upang muling beripikahin ang karapatang magtrabaho ng isang kasalukuyang empleyado. Ang muling pagberipika ay dapat isagawa sa pamamagitan ng Form I-9.